

10-2023

Pag-Igpaw sa Inip at Inis ng Pagkakapiit: Tulambuhay sa Anyo ng Talinghaga't Taludturan (Overcoming Ennui and Ire Amidst Incarceration: Narratives in Metaphors and Verses)

Kevin P. Armingol

Far Eastern University, karmingol@feu.edu.ph

Follow this and additional works at: <https://animorepository.dlsu.edu.ph/akda>



Part of the [Poetry Commons](#), and the [South and Southeast Asian Languages and Societies Commons](#)

Recommended Citation

Armingol, Kevin P. (2023) "Pag-Igpaw sa Inip at Inis ng Pagkakapiit: Tulambuhay sa Anyo ng Talinghaga't Taludturan (Overcoming Ennui and Ire Amidst Incarceration: Narratives in Metaphors and Verses)," *Akda: The Asian Journal of Literature, Culture, Performance*: Vol. 3: No. 2, Article 3.

DOI: <https://doi.org/10.59588/2782-8875.1053>

Available at: <https://animorepository.dlsu.edu.ph/akda/vol3/iss2/3>

This Regular Article is brought to you for free and open access by the DLSU Publications at Animo Repository. It has been accepted for inclusion in Akda: The Asian Journal of Literature, Culture, Performance by an authorized editor of Animo Repository.

RESEARCH ARTICLE

Pag-igpaw sa Inip at Inis ng Pagkakapiit: Tulambuhay sa Anyo ng Talinghaga't Taludturan

Kevin P. Armingol
Far Eastern University, Philippines
karmingol@feu.edu.ph

Abstrak

Sa kasalukuyan, kabilang sa itinuturing na “Emergent Literature” sa Pilipinas ang panitikan sa bilangguan. Hindi ito katakataka sa bansang may malalim at mahabang kasaysayan ng pagpipiit sa mga tumutunggali sa panlipunang kaayusan, kabilang na ang mga intelektuwal, partikular ang mga artista at manunulat. Dahil sa kanilang taglay na progresibo at radikal na katangian, malimit silang maging puntirya ng establisimyento, bilang resulta ng kanilang pakikilubog sa batayang masa—kung para kanino iniaalay ang kanilang mga likhang-sining at panitikan. Hindi kataka-takang dumagdag sila sa dumarami pang bilang ng mga bilanggong politikal sa bansa. Sa loob ng piitan, may pangangailangan na maisadokumento at magawan ng pag-aaral ang mayaman at masining na karanasan at likha ng mga bilanggong politikal na mga artista at manunulat. Kung gayon, layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang namayaning damdamin at karanasan ng tatlong makata at manggagawang pangkultura ng pambansa-demokratikong kilusan at dating naging bilanggong politikal na sina Kerima Lorena Tariman, Axel Pinpin, at Ericson Acosta. Gamit ang politikal na kritisismong pampanitikan, inaasahang mapalitaw sa pag-aaral ng kanilang panulaan sa piitan ang pangkabuuang danas at damdaming namayani sa panahon ng kanilang pagkakapiit. Batay sa nakalap na mga datos lumalabas kung gaano kaoptimistiko sina Tariman, Pinpin, at Acosta sa kabila ng tuloy-tuloy at samotsaring atake mula sa iba't ibang establisimyento. Kapansin-pansin sa kanilang mga tula ang pag-urong at pagkadesmaya bilang ilan sa dahilan ng kawalang pag-asa, ngunit napanatili nilang pangibabawan ang mga balakid na ito gamit ang siste at subersiyon sa kanilang panulat sa pagpapakita ng kawalang-kakayahan, inutil, at anti-mamamayang polisiya ng estado. Sa pagtatapos ng pag-aaral, nais nitong suportahan ang argumentong buhay at nasa bagong antas ang makabayang tradisyong pampanitikan sa kasalukuyan sa panulat ng tatlong makata-manggagawang pangkultura at ang mahigpit na ugnayan ng panitikan at lipunan, bukod sa pagpapatingkad at pagbibigay-diin sa kanilang mahigpit na pagkapit sa kanilang prinsipyo at paninindigan.

Mga susing salita: Bilanggong Politikal, Panulaan sa Bilangguan, Dansas, Damdamin, Manggagawang Pangkultura

Overcoming Ennui and Ire Amidst Incarceration: Narratives in Metaphors and Verses

Abstract:

Prison literature is currently considered one of the “emergent literatures” in the Philippines. This is not new in a society with a deep-seated and long history of putting dissenters—including intellectuals, artists, and writers—who challenge the social order into prison. Because of their progressive and radical stance, these dissenters, as they integrate with the masses whom their art and literary works inspire, have been one of the main targets of various establishments. Unsurprisingly, they add to the increasing number of political prisoners in the country. There is a need to document and study the rich and meaningful experiences and works of the political prisoners inside the prison cell, to emphasize the significant role of these artists and creative writers. Thus, this study aims to analyze the general emotions and experiences of the three poets and cultural workers of the national democratic movement and former political prisoners, Kerima Lorena Tariman, Axel Pinpin, and Ericson Acosta. Using political literary criticism, this paper analyzes their poetry to highlight the general emotions and experiences of these poets inside prison. The data gathered show the optimism of the three poets amid continuous attacks from various establishments. Through their poetry, setbacks and frustrations are seen as one of the many reasons that made them feel hopeless, but they still managed to overcome these hindrances by mocking and subverting the state with its incompetent, inutile, and anti-people policies. At the end of the study, this paper supports the argument that the nationalist literary tradition is in a new and fresher breath of writing by these poet-cultural workers. It also shows how strong the connection between literature and society is, aside from the fact that these poets showed unwavering commitment to their principles and advocacies.

Keywords: *Political Prisoners, Prison Poetry, Experiences, Emotions, Cultural Workers*

“Sa pagitan ng tula at kalayaan naghihintay ang kulungan,” pahayag ng premyadong nobelista at guro ng malikhaing pagsulat na si Dr. Jun Cruz Reyes kay Rene Boy E. Abiva, dating bilanggong pulitikal at makata, sa kaniyang koleksiyon ng mga tulang pinamagatang “Tuligsa at iba pang mga tula” sa taunang UP National Writers Workshop na ginanap noong 2019. Para kay Reyes, hindi ito eksaherasyon o talinghagang nagmula lang sa kawalan, bilang dati na ring naging mainit sa mata ng mga ahente ng estado noong panahon ng Administrasyong Gloria Arroyo. Batid niyang may naghihintay na kapalit sa sinumang nagnanais ipaunawa sa publiko ang mga nagaganap na karahasan at katiwalian gamit ang sariling panulat at panitikan (Remollino, “Surveillance on Jun Cruz Reyes”).

Sa kabila ng kaliwa’t kanang pahayag na buhay at matingkad ang demokrasya’t kaunlaran sa Pilipinas, umabot na sa 1,159 ang di-legal na inaresto at ipinakulong sa simula ng Administrasyong Rodrigo Duterte mula Hulyo 2016 hanggang Nobyembre 2021, ayon sa tala ng KARAPATAN, Alyansa ng mga Nagtatanggol sa Karapatang-Pantao sa Pilipinas. Samantala, sa pag-aaral ng Samahan ng Ex-Detainee Laban sa Detensiyon at Aresto (SELDA), tinatayang hindi bababa sa 20 ang bumubuo sa hanay ng mga manunulat at artista ang idiniin sa gawa-gawang kaso

upang pagtakpan ang politikal na motibo sa kanilang pagkakabilanggo. Gayunman, ang represibong espasyo ring ito ang nagsilbing daluyan ng mga ipiniit na manunulat at manggagawang pangkultura upang ipagpatuloy ang kani-kanilang prinsipyo at adbokasiya sa likod ng mga rehas, tulad ng naging karanasan nina Kerima Lorena Tariman, Axel Pinpin, at Ericson Acosta.

Layunin ng pag-aaral na matukoy ang mga namayaning damdamin at karanasan sa dating bilanggong politikal na sina Tariman, Pinpin, at Acosta—mga makata, manggagawang pangkultura, at aktibista ng pambansa-demokratikong kilusan na sa magkakaibang panahong sinampahan ng gawa-gawang kaso at ibinilanggo—sa pamamagitan ng pangangalap sa kanilang mga tula na nalikha sa panahon ng kanilang pagkakapiit: para kay Tariman noong 2000; kay Pinpin mula noong 2006 hanggang 2008; at kay Acosta mula 2011 hanggang 2013. Dagdag pa, gamit ang politikal na panunuring pampanitikan, inaasahan ding maiuugnay sa saliksik ang direktang epekto ng kanilang pagkakapiit na litaw sa kani-kanilang panulaan na maaaring tingnan bilang kanilang pagharap sa personal na buhay, kalagayan, at paninindigan.

Umiinog lamang sa tatlong makata at mga taon ng kanilang pagkakapiit ang sakop nitong saliksik. Sa madaling sabi, gagamiting primaryang batis ang

kani-kanilang libro ng tula partikular sa mga taon ng kanilang pagkakabilanggo: *Pag-aaral sa Oras* (2017) ni Tariman—tinataglay ng librong ito ang mga panimulang pagtatangka ng makata na isangkot ang politika sa panulaan na may pagbibigay-tuon sa buhay sa lungsod at kanayunan. Pangalawa naman ang libro ng tulang *Tugmaang Matatabil: Mga Akdang Isinulat sa Libingan ng mga Buhay* (2008) ni Pinpin na nasulat din ang lahat ng tula sa loob ng piitan sa mahigit dalawang taon. Napuri ang kalipunang ito dahil sa husay ng paggamit ng salita, kinis, at bokabularyo sa wikang Filipino kasabay ang mataas na antas ng politisasyon sa bawat tula. At panghuli, ang librong *Mula Tarima Hanggang at Iba pang mga Tula At Awit* (2015) ni Acosta na kakikitaan ng pagiging aral, komplikado, at sopistikasyon sa pagtula mula sa mga unang taon ng makata hanggang sa pagiging simple, malikhain, at katapatan ng pagmamakata sa panahon ng pagkakapiit.

Dagdag pa, sasaklawin nito ang tatlong administrasyon sa Pilipinas: Rehimg Joseph Estrada (na nagpatanyag ng mga katagang “Erap para sa Mahirap” ngunit tadtad ng korupsiyon, pagsusugal, at terorismo ang inihatid na serbisyo sa mamamayan), Gloria Arroyo (na nagpatanyag ng mga katagang “Strong Republic” na umani ng batikos sa loob at labas ng bansa sa daan-daang paglabag sa karapatang pantao), at Noynoy Aquino (na nagpatanyag ng mga katagang “Kung walang corrupt, walang mahirap” na naglubog sa bansa sa kasunduang pagsasapribado ng mga pampublikong serbisyo tulad ng edukasyon) na may kani-kaniyang polisiyang pampolitika, pang-ekonomiya, at pangkultura na humubog sa kasaysayang sandali ng lipunang Pilipino. Sa pamamagitan ng politikal na panunuring pampanitikan, matutukoy ang mga panlipunang salik na nakaimpluwensiya sa mga tulang susuriin.

Tumutukoy ang politikal na panunuri sa panitikan sa pagbibigay-diin sa pagiging progresibo, makabayan, at radikal na katangian at taglay nito sa akto ng pagbabasa, pagsusulat, at pagkakatuto na malay na isinasangkot ang ugnayan ng imahinaryo at materyal na panlipunang relasyon (Tolentino, *Pag-aklas* 7). Imahinaryo pagkat inilalantad nito ang mga tunggaliang materyal na nasa loob mismo ng panitikan. Kaya may malinaw na makauring pagkiling at pagtindig ito sa malaya at mapagpalayang uri ng panitikan at pagpapalaya sa masang sambayanan (17). Samakatwid, “[a]ng papel ng kritiko ng politikal na kritisismong pampanitikan ay

bigyang-ugnay ang akda sa sarili nitong sinasambit na kognitibong pagmapa, at bigyang-husga ang kapasidad ng akda na makapagbigay impormasyon hinggil sa kahalintulad na kognitibong pagmapa sa mga bagay at afekto sa labas nito” (20–1).

Mahalagang linawin na walang tunguhin ang politikal na panunuring pampanitikan na pumalit sa malaon nang namamayagpag na pormalistikong anyo ng panunuri pagkat “pagkakahon ang ganitong pagbasa sa radikal na potensiyal ng politikal na pagbasa tungo sa usapin ng porma at sining lamang” (22). Sa madaling sabi, maging ang politikal na panunuring pampanitikan ay dinamiko at nagbabago batay sa tunguhin nito ng pagiging “politikal”: na ang puno’t dulo ay tumugon at maglingkod sa masang sambayanan na malaon nang isinasantabi sa kasaysayan ng lipunan at itinuring na palamuti at piyesa lamang ng mga naghaharing uri.

Panghuli, nagtangka rin ang mananaliksik na gamitin ang salitang “tulambuhay” mula sa mga salitang *tula* at *buhay* upang itumbas sa “talambuhay” na galing naman sa mga salitang *tala* at *buhay*. Sa pamamagitan nito, naipababatid ng mananaliksik na malaki ang ginagampanan ng panitikan upang itala at isadokumento ang kongkretong danas ng mga manunulat sa kamay ng estado.

Sa daan-daang makata at tumutula sa loob ng kilusang mapagpalaya, na may iba’t ibang lalim, lawak, at dating din sa iba’t ibang rehiyon sa bansa, ang tatlong makata ang napili sa pag-aaral na ito pagkat kabilang sila sa iilan lamang na nagpamalas ng kahusayan sa pagsulat ng panulaang nakikisangkot sa kasalukuyan; habang mahusay na isinasakatuparan ang pagsasateorya at pagsasapraktika ng mga prinsipyo at buhay-aktibista na makikita sa paglalaan ng buong panahon at talino bilang mga manggagawang pangkultura ng pambansa-demokratikong kilusan. Sa kanilang pagkakapiit sa magkakaibang panahon, ipinamalas ng kanilang produksiyong pampanitikan sa loob ng piitan ang dedikasyon at pagpupursigang ipagpatuloy ang kani-kanilang adbokasiya, paninindigan, at nasimulan—isang pagpapatuloy ng “tradisyon” at pagkapit sa prinsipyo tulad ng mga naunang bilanggong politikal ng pambansa-demokratikong kilusan. Panghuli, nakapagtatag din ng reputasyon at kredibilidad ang tatlong makata sa mga burgis na institusyon, tulad ng mga ahensiyang panggobyerno, pribadong sektor, lokal at pambansang palihan sa malikhaing pagsulat, publikasyon, mga sirkulo ng manunulat-artista, at iba pang katulad; dahilan upang

lalong makabuluhang saliksikin ang partikular na layunin ng nasabing paksa.

Unang nabilanggo si Tariman dulot ng gawa-gawang kaso sa kaniya nang dumalo siya sa isang Basic Masses Integration sa mga magsasaka ng Isabela noong 2000. Bukod sa mainit na pagtanggap ng mga lokal na residente ng nasabing lugar, pagsabog ng granada ang sumalubong din sa kaniya mula sa 5th Infantry Division ng Philippine Army at sinampahan siya ng gawa-gawang kaso na insurhensiya at “illegal possession of firearms” (*Philippine Collegian* 25th Issue, *Philippine Collegian* 2nd Issue; *Tatak Kule; Bulatlat*, “Manggagawang Pangkultura”). Kaso rin ng rebelyon ang isinampa ng magkasamang puwersa ng Cavite City Police at Naval Intelligence Security Forces kay Axel Pinpin—na noo’y Public Information Officer o PIO ng Kalipunan ng mga Magsasaka sa Kabite (KAMAGSASAKA KA)—at sa kaniyang apat na kasamahan na tinaguriang “Tagaytay 5” nang dukutin ang kanilang grupo noong Abril 28, 2006 sa akusasyong pagpapatalis sa Administrasyong Gloria Arroyo at pagpapasabog ng Malakanyang (*ABS-CBN News*). At panghuli, gaya ng dalawang makata, sinampahan din ng kasong insurhensiya at “illegal possession of explosives” si Acosta noong 2011 nang lumahok siya sa fact-finding mission ng Katungod-Siniringan Bisayas, lokal na organisasyon ng KARAPATAN sa silangang bahagi ng Samar upang alamin at idokumento ang kalagayan ng mga paglabag sa karapatang pantao sa pamayanang iyon na binubuo ng mga magsasaka (Acosta 29; Geronimo 204).

Piitan at Produksiyong Pansining at Pampanitikan

May dalawang makabuluhan at komprehensibong saliksik si Dr. Rommel Rodriguez ukol sa mayamang produksiyong pansining at pampanitikan sa loob ng bilangguan. Pinamagatang *Artistikong Produksyon ng Bilanggong Pulitikal sa Pilipinas (2015–2018): Mga Piling Kaso at Tala* (2020) ang una at *Tanikala at Talinhaga: Ang Manunulat na Bilanggong Pulitikal* (2015) ang ikalawa. Tinalakay sa una na nagsisilbing lunan at daluyan ng lunggating lumaya ng mga bilanggong politikal ang mga gamit at produktong nilikha nila sa loob ng piitan. Mula sa aktuwalidad ng paglikha, nakapagbuo ito ng malinaw na simbolo, hindi lang ng determinasyong tunggaliin ang represibong aparato ng estado, kundi pati na ng mapagpalayang

diwang hindi kayang sagkaan ng apat na sulok ng sumisikip pang bilangguan. Sa kabilang banda, diniskurso ng ikalawang saliksik ni Rodriguez ang ilan sa tampok na bilanggong politikal sa kasaysayan at lipunang Pilipino kabilang na sina Jose Rizal, Isabelo de los Reyes, at Aurelio Tolentino. Sa pamamagitan ng pagtalunton sa mga historikal na dokumento tulad ng anekdota at akdang pampanitikan, higit nitong nailinaw ang kongkreto’t diyalektikal na ugnayan ng panulat at praktikang panlipunan.

Samantala, inilahad ni Elmer Ordoñez sa *Emergent Literature: Essays on Philippine Writings* (2006) sa mga artikulong “On Prison Literature” at “Writing Behind Bars” ang pagkakalikha noon ng panitikan sa piitan bilang anyong pampanitikan. Sa katangian ng lipunang mayroon ang Pilipinas, di nakapagtatakung lumitaw ang ganitong uri ng panitikan kung saan nagpapatuloy ang pasismo at paglabag sa karapatang pantao mula noong panahong kolonyal hanggang sa neokolonyal na sistema ng mga nagdaang republika sa bansa.

Panghuli, napapanahon at komprehensibo rin ang di-lathalang disertasyon ni Dr. Jonathan V. Geronimo na pinamagatang “Pagpiglas Sa Bartolina: Naratibo, Espasyo At Bayan Sa Panitik Ng Mga Bilanggong Pulitikal Na Manunulat” (2019) na tumalakay sa tampok na bilanggong politikal sa magkakaibang panahon at rehimen sa Pilipinas na tinitingnan ang mga akdang ito bilang anyo ng kontra-naratibo sa malaon nang paghahari ng naratibo mula sa naghaharing uri upang panatilihin ang panlipunang kamalayan, kaayusan, at sistema. Itinuring din ni Geronimo sa kaniyang pag-aaral ang tinatawag niyang akdang piitan bilang kontra-espasyo sa literal na espasyo ng bartolina at “pagkawala” o pag-alpas sa espasyong ito gamit ang panitikan at pakikilubog mismo ng mananaliksik sa paksang kaniyang inaral.

Kung paanong umabot ang “prestihyo” ng aktibo at tuloy-tuloy na produksiyong pampanitikang may progresibo at radikal na katangian noong panahon ng Unang Sigwa ng Dekada ’70 at Batas Militar—na siya pa rin namang nagpapatuloy na direksiyon at aspirasyon hanggang sa kasalukuyan—ay siya namang pagkamuhí at matingkad na pagtangi ng marami, lalo na iyong mula sa sa gitnang-uring intelektuwal at manunulat na kakatwang nagsipagkilos noong mga panahong nabanggit; at ngayo’y mga pangunahing tagatanggap ng mga pangunahing gantimpala ng pribadong institusyon at ng mismong estado (Garcellano

3). Gayunman, marami pa rin ang kumikilos at lumilikha nang mapagpalaya uri ng likhang-sining at panitikan kabilang na ang pangunahing mga makata at manggagawang pangkultura tulad nina Tariman, Pinpin, at Acosta.

Panulat sa Piitan sa Panahon ng Kolonyal na Kaayusan

Noon pa mang panahon ng kolonisasyon, marami nang ipinabilanggo dahil sa politikal na paniniwala, kabilang na ang mga artista at manunulat (Rodriguez, Tanikala at Talinghaga 19–26). Ang mga tulad nina Francisco “Balagtas” Baltazar at Jose Rizal—mga tampok na historikal na indibidwal at kapuwa nabilanggo sa ika-19 na siglo sa magkaibang dahilan—ay nakapagsulat ng mga itinuturing na dambuhalang ambag sa panitikang Pilipino: ang *Florante at Laura* (FL) at ang mga nobelang *Noli Me Tangere* (Noli) at *El Filibusterimo* (El Fili). Ang nagpapatuloy nitong makabayang tradisyong pampanitikan hanggang sa kasalukuyan ay hindi matatawaran at patuloy na kakikitaan ng makulay at dinamikong anyo sa kasalukuyan (Armingol 67–9; Lumbera 70–83; Ordonez 2–5). Narito ang sipi ng “Mi Ultimo Adios” ni Rizal na isinalin ni Andres Bonifacio—rebolusyonaryo at kapanahunan ng naunang dalawa—na naglalaman ng samotsaring damdamin habang nakapiit: pighati sa kabila ng selebrasyon sa kaniyang buhay; at pangungulila sa kabila ng pagmamahal sa kaanak at bayan (Rodriguez, *Tanikala at Talinhaga* 30–1): “Idalangin lahat yaong nangamatay / nangagtiis hirap na walang kapantay, / mga ina naming walang kapalaran / na inihibik ay kapighatian. / Ang mga nabao’t pinapangulila, / Ang mga bilanggong nagsisipagdusa, / dalanginan namang kanilang makita/ ang kalayaan mong ikagiginhawa” (Almario 185).

Hungkag na Kamalayan, Mahigpit na Paninindigan

Pagdating ng mga Amerikano bilang bagong mananakop, nagpatuloy at isinabuhay ng mga Pilipino ang diwa ng katatapos na rebolusyon. Sa panahon na ito na bungad ng ika-20 siglo sa Pilipinas, sa pamamagitan ni Isabelo de los Reyes, nakapasok ang iba’t ibang kaisipan tulad ng anarkismo at sosyalismo sa bansa at

itatatag ni de los Reyes ang Union Obrero Democratica o UOD noong 1903 na pagmumulan ng progresibong kaisipan sa kilusang paggawa (Ordoñez 54–55). Pangunahin ding nakadagdag ang bugso ng iba’t ibang babasahin sa pag-unlad ng palitan ng mga produkto ng mga Amerikano at Pilipino kaya may mga libro’t babasahin na nakarating sa Pilipinas na nagsusulong ng rebolusyonaryo’t radikal na kaisipan na mula sa Kanluranin (60–1). Ilan sa mahuhusay na manunulat sa Tagalog ang makapag-aambag sa sosyalistang uri ng talastasan na itinuturing na bagong sibol pa lamang sa Pilipinas (R. Guillermo 80–93). Dagdag pa, nakilala rin ang mga tinaguriang sedisyosong mandudula sa pangunguna ni Aurelio Tolentino sa pagtatanghal ng hayagang subersiyon at pagpapakita ng pagmamahal sa bayan gamit ang watawat ng Pilipinas na mahigpit na ipinagbabawal ng panahong iyon. Nagresulta ito ng hindi iilang beses na pagkadakip at pagkabilanggo ng “sedisyosong” mandudula (Rodriguez, *Tanikala at Talinhaga* 39–45; Ordoñez 56–8).

Pagsapit ng mga dekada ’20 at ’30, lalo pang lumalim ang kolonyal na impluwensiya sa mga Pilipino dulot ng kolonyal na pampublikong edukasyon at makukupot na lamang ang konsepto ng kalayaan sa mga Pilipino sa pamamagitan ng parlamentaryong pakikitunggali sa mga Amerikano sa inaasam-asam na paglaya sa dayuhang mananakop (Agoncillo 335–49; *Philippine Social Science Review* 66–70). Sa kabila ng matinding hatak ng kolonyal na edukasyon, kultura, at unti-unting pagbura sa simbolikal at materyal na kolektibong danas ng mga Pilipino sa kabuluhan ng Rebolusyong 1896 (Lumbera; R. Constantino 44–6), papatindi at papasidhi ang panlipunang ligalig dulot ng tumitinding krisis sa kalagayan sa paggawa sa lungsod at usaping agraryo, pangunahin na sa Gitnang Luzon at kalapit na mga probinsiya. Saksi ang panahong ito sa pagkakatatag ng mga tampok na kilusan sa bansa: ang kilusang Sakdalista, ang Partido Sosyalista ng Pilipinas, at ang mga samahan ng manggagawa nina Crisanto Evangelista na Partido Komunista ng Pilipinas.

Sa pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, magiging mainit sa mata ng kolonyal na kaayusan ang mga kilusan at pederasyon ng mga manggagawa sa lungsod at babansagan silang mga prente ng mga komunista. Dulot ito ng “*red scare*” na ipinalalaganap ng Estados Unidos sa Unyong Sobyet na naghudyat na rin sa tinatawag na Cold War. Pangunahin sa sinampahan ng kasong sedisyon at pagiging komunista

ay ang Congress of Labor Organizations o CLO sa pangunguna ng noo'y presidente ng pederasyon na si Amado V. Hernandez (Tria-Kerkvliet 102–3; J.C. Reyes 203–4).

Sa kulungan, isinalarawan ni Hernandez ang lunos na kalagayan ng pagkakabilanggo sa tulang “Isang Dipang Langit.” Mapapansin sa ilang piling salita na kaniyang ginamit sa tula, pawang malungkot at sumisimbolo sa patay na tanawin, ang umukopa sa kaniyang diwa't isip matapos arestuhin sa gawagawang kaso.

Sa munting dungawan, tanging abot-malas ay sandipang langit na puno ng **luha**, maramot na birang ng pusong may **sugat**, watawa't ng aking **pagkapariwara**.

Sintalim ng kidlat ang mga mata ng tanod, sa pintong may susi'y walang makalapit; **sigaw** na bilanggo sa katabing muog, anaki'y **atungal** ng hayop sa yungib.

Ang maghapo'y tila isang **tanikala** na kalakaladkad ng paang **madugo**, ang buong magdamag ay kulambong **luksa** ng **kabaong** waring lungga sa yungib.” (Hernandez 116) [akin ang diin]

Aktibismo, Malawakang Politikal na Pagpapabilanggo, at Panulaan sa Piitan bilang Kontra-Naratibo

Sa paglipas ng mga taon at dekada, magiging pangunahing tanong sa isip ng nakararaming Pilipino kung ano ang bumubuo sa kanilang identidad at lahi sa kabila ng daang taong pananakop ng mga dayuhan sa magkakaibang panahon. Sa labas ng mga bulwagan at batasan, naging laman ng lansangan ang kabataan at iba't ibang sektor para ipanawagan ang pagpapababa ng presyo ng mga bilingin, pamasaha, pagpapataas ng sahod, at iba pang katulad. Sa mga pagtitipon at demonstrasyong ito naging palasak ang salitang *aktibismo* bilang kasing-kahulugan ng pagiging “makabayan.” Dahil din sa potensiyal nitong lakas at suporta na lubhang ikinatakot ng Administrasyong Marcos, Sr., ipinataw nito ang Batas Militar at itinuring na krimen ang aktibismo at lahat ng oposisyon sa kanilang tingin. Aktibista man o oposisyon, mayaman at malawak ang kani-kanilang naratibo sa pagsasalaysay

ng karanasan bilang bilanggong politikal sa mahalagang yugto na iyon ng kasaysayan ng Pilipinas.

Sa bahaging ito, isang manipesto ng paglaya ang panulaang isinulat sa piitan ng marami sa mga aktibista at progresibo na ibinilanggo. Makikita ito sa panulaan na kanilang isinalaysay at dinanas sa kamay ng mga awtoridad at ng estado. Halimbawa na lamang, hindi naging madali para kay Judy Taguiwalo, aktibista at bilanggong politikal noong Batas Militar, ang pag-aalaga ng sanggol sa loob ng bilangguan sa kaniyang tulang “Sanggol sa Krame.” Ang mga pangyayari sa loob ng kulungan at politikal na espasyo nito para sa aktibista at babaeng tulad ni Taguiwalo ay malaon nang sumisikil sa kaniyang karapatan bilang aktibista at babae sa kinabibilangang lipunan.

Makitid ang ating daigdig, anak.
Pinakikitid ng mga pader at alambreng tinik na nakapaligid sa atin.
Pagtiisan ang biglang kalampag ng bakal na pintong gumigising sa iyong pagkakahimbing.
Pagtiyagaan ang ilang sandaling ligaya't aliw dulot ng ating dalaw.

Gayunman, buo ang loob ni Taguiwalo sa tila anyo ng pakikipagdiyalogo sa kaniyang anak sa tulong ng tula sa kanilang pinagdadaanan sa makasaysayang panahong iyon. Bagaman inosente ang kinakausap, pinaghahanda na niya ang anak na makalaya man sila sa kasalukuyang piitan, may naghihintay sa kaniya na higit na malaking selda na kaniyang kakaharapin sa hinaharap—ang lipunang Pilipino.

Musmos ka pa, anak.
Maaga kang naisasalang sa apoy ng pagsubok.
Sunggaban ang pagkakataong ito.
Patigasin ang buto't laman.
Patibayin ang tuhod at gulugod.

Ihanda ang sarili, anak,
para sa kinabukasan.
(Coalition Against the Marcos Dictatorship 43)

Samantala, tibay ng loob at diwang mapanlaban ang makikita sa huling bahagi ng tula ni Francisco Soc Rodrigo, dating oposisyon, senador, at mambabatas na ibinilanggo rin noong Batas Militar. Sa kaniyang tulang “Hindi Ibon, Hindi Hayop” na isinulat noong ika-27 ng

Abril, 1978 sa mismong Bicutan Rehabilitation Center, tinalakay niya ang silbi't saysay ng indibidwal na may malinaw na paninindigan at malinaw na pagkiling sa kung alin at higit na wasto at karapat-dapat kung sakali mang maipit sa dalawang nag-uumpugang bato: sa pagitan ng manlulupig at tagapagtanggol ng kalayaan; sa pagitan ng masama at nasa katarungan; at pagiging hayagang pumapanig sa liwanag kahit pa laganap ang dilim. Sa pagwawakas ng tula, mataas ang kumpiyansa ng dating mambabatas na matatapos din ang lagim ng panahong iyon at magbubunyi kasama ang mga mamamayan.

Ngunit ako'y nananalig sa minanang kagitingan
 Ng bayan kong matimtiman sa dangal at Kalayaan...
 Darating din ang panahong lalagutin nitong Bayan
 Ang kadena ng sariling pangamba at alinlangan—
 Hahamakin ang panganib; ibubuwis pati buhay;
 Aakyatong buong tapang ang tugatog ng tagumpay!”
 (Rodrigo 249)

Sa kabilang banda, sa halip na magumon sa pagkainip at pagkainis sa mga nangyayari sa loob ng bilangguan, pinili ng marami na ituon ang atensiyon kung paanong magiging mapagpalaya at mapalalaya ang puso at isip sa kabila ng pagkakapiit (Rodriguez, *Artistikong Produksyon* 9–10). Pansinin halimbawa ang determinasyon at pagsisikap ni Jose Ma. Sison, isa sa mga tagapagtatag ng KM at bagong tatag na CPP, na igpawan ang ginawang pagkakabartolina sa kaniya. Sa tulang “In the Dark Depths,” bagaman nahuli at ipiniit ng mga awtoridad ang ilan sa kanilang itinuturing na “kaaway ng estado,” nagsilbi pa nga ang aparatong ito sa pagpapanday sa kanilang malaon nang pakikipagtunggali at pakikibaka sa kabulukan ng panlipunang kaayusan. Narito ang kabuuan ng tula.

The enemy wants to bury us
 In the dark depths of prison
 But shining gold is mined
 From the dark depths of the earth
 And the radiant pearl is dived
 From the dark depths of the sea.
 We suffer but we endure
 And draw up gold and pearl
 From depths of character
 Formed so long in struggle.
 (Sison 75)

Bagong Pamahalaan, Dating Kaayusan

Ang mga pangako ng EDSA 1 na dahilan ng pagkakapatalsik ng diktaduryang Marcos sa kapangyarihan sa Malacañang noong 1986 ay nagbigay ng malaking pag-asa sa mga mamamayang Pilipino na may naghihintay pang pag-unlad sa kanilang buhay at kabuhayan. Ngunit hindi pa man natatapos ang taon, o halos walong buwan matapos panghawakan ng Administrasyong Cory Aquino ang sentro ng kapangyarihan sa bansa, marami sa lider-aktibista at kasamahan nito ang pinaslang, kabilang na ang noo'y tumatayong pangulo ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) na si Rolando Olalia at drayber nitong si Leonor Alay-ay. Dulot nito, humigit-kumulang 25 libong tao ang nagprotesta sa harap ng kampo ng mga militar sa Kampo Aguinaldo (Bantayog ng Bayani). Makalipas lang din ang dalawang buwan, pinaulanan ng bala ng pinagsanib-puwersa ng pulis at militar ang demonstrasyong pinangunahan ng Kilusang Magbubukid sa Pilipinas o KMP na nasa Mendiola noong 1987 na nagresulta ng pagpaslang sa 13 magsasaka. Mula sa ilang tampok na pangyayaring ito sa panahon matapos ang Aklasang EDSA at ng Administrasyong Cory Aquino, malinaw sa mga aktibista na nagbago lamang ang mukha ng mga namumuno sa Malacañang ngunit nagpapatuloy at tumitindi ang dati nang sistemang kanilang tinutunggali. Nagpatuloy ang pambansa-demokratikong kilusan sa paniningil at pagdepensa sa mga atake ng estado sa mga karapatang politikal at sibil.

Sa katunayan, bago matapos ang Administrasyong Cory Aquino, patuloy sa pagdagdag ang bilang ng mga bilanggong politikal sa bansa. Sa tulang “Panata sa Kagitingan” ni Florentino Iniego, mapapansing hindi nagbago ang gampanin ng bilangguan sa mga tulad niyang bilanggong politikal nagbago man ng namumuno sa bansa. Ang pinagdaanan sa pagkakabilanggo ay hindi maihihiwalay sa mga danas na rin ng mga naunang bilanggo dulot ng kanilang politikal na oryentasyon. Ngunit tulad din ng mga nauna at kanilang karanasan, nananatili at hindi nawawala ang pagpupursigang igpawan ang mga hinaharap na kalagayan at usapin sa loob at labas ng bilangguan na makikita sa kanilang mga tula.

At ngayon sa gitna ng pag-uusig
 Higit na pag-ibayuhin ang pananalig.
 Huwag kang papalupig
 Hangga't pumipintig

Ang pusong umiibig,
 Hangga't nanlilisik
 Matang di pa nauukit,
 At hangga't nagniningas
 Sa utak ang himagsik.
 (Tolentino at Frank Cimatú 104–5)

Sa kasalukuyan, nagpapatuloy ang pagtitipon ng mga panulaan sa loob ng piitan, partikular sa mga bilanggong politikal, na sa kabila ng pagkakapiit at gawa-gawang kaso, nananatili at matingkad ang kanilang pagnanais na ipagpatuloy ang sinimulang adbokasiya at prinsipyo, taon man ang bilangin o tuluyan man nitong pabulukin sila sa bilangguan. Sa kabila ng lahat ng ito, isang manipesto ng pakikitunggali at paghahangad ng paglaya ang mga tala at tulang itong nasa bilangguan. Ngunit sa halip na magpagapi at magpakulong sa nanlilimahid, sumisikip, at kumikitid pang espasyo nito, ang kanilang panulaan ay patuloy sa pag-alagwa para sa higit na malaya at mapagpalayang bukas.

Sa bahaging ito ilalatag ang mga nakalap na datos mula sa tatlong primaryang batis ng tatlong makabayang makata na sina Tariman, Pinpin, at Acosta. Inaasahang sa pagtatapos ng talakayan, makabubuo ito ng pangkahalatang mukha ng damdamin at danas ng mga manunulat noong sila pa'y mga bilanggong politikal at paano nila hinarap ang bawat balakid na iyon sa magkakaibang panahon na masusuri sa kanilang panulaan sa piitan.

Pagsulat bilang Pagbawi ng Katinuan

Sa tulang “Hunyo 12, sa Kulungan,” isang mahusay na metapora ang maisasalarawan sa kinasadlakan ni Tariman. Sa kabila ng makitid na espasyo ng bilangguan, mapalad siya't hindi isang dipang langit lamang ang kaniyang nasusumpungan sa oras na inaatake ng pagkabagot at pagkabigo dulot ng pagkakakulong. Ngunit sa kabila nito, kung paanong mabilis lumilipas ang araw ay siya namang tila sigarilyong araw-araw nauupos sa paglayang hinahangad.

maswerte na ri't medyo
 malaki ang bintana.
 mula rito,
 napagmamasdan ko
 kung gaano kabilis
 tumubo ang sitaw

kapag merong abono.
 ang buong maghapon
 ay isang kahang sigarilyo.
 (Tariman 45)

Upang maigpawan ang ganitong kalagayan, sinikap niyang ibalik ang katinuan: nagbasa, nagsulat, at nakinig siya sa aniya'y tuloy-tuloy na paglikha ng mga salita na tila walang katapusan. Ang pagsusulat sa loob ng bilangguan para kay Tariman ay hindi na lamang usapin ng init sa likod ng mga rehas kundi pati na pagkaligalig dulot ng inip na nararanasan sa magkakatulad na pangyayari sa bawat araw na itinatagal sa loob nito. Ipinababatid din sa kaniya na siya'y buhay pa at kailangang manatiling buo ang loob sa bilangguan.

kailangan kong alisin
 ang aking utak
 mula sa aking ulo.
 kailangan kong hanapin
 ang mga salita
 at tirisin sila,
 parang kuto.
 kailan titigil ang mga salita
 sa pagsipsip
 ng aking dugo?
 huwag na sana
 kahit kailan.
 hahayaan ko pa nga
 na ito'y tumulo, tumulo:
 masaganang dugo
 masaganang dugo
 mula sa aking bungo
 mula sa aking bungo (46)

Ang pag-uulit ng dalawang magkakaibang kahulugan na linya ukol sa pag-aapuhap ng alinmang salita upang manatili siya sa katinuan ay pagbibigay-diin ng kaniyang pagnanais na maigaod ang sikolohikal at pisyolohikal na tortyur sa araw-araw bilang bilanggong politikal (47). Ngunit gaano man “kalaya” ang mga salitang kaniyang nalilikha o naisusulat sa pagitan ng mga rehas, tila sinasampal siya ng katotohanang ang kaniyang maghapo't magdamag ay nilulubos sa luho ng paninigarilyo upang magpatuloy sa pag-iral (48).

Samantala, naiibang Tariman ang matutunghayan sa tulang “The Bored's Prayer.” Kagyat na mapapansin sa unang bahagi ng tula ang isang sawikain sa kakatwang estilo: “Hindi tayo pababayaang ni lord... / Lalung-lalo

na ni druglord!” / -V. Speaking, ‘Shabu Queen’ ng Ilagan (49).

Sa ganitong pambungad ng tula, asahan na ang susunod pang mga bahagi nito ang may katulad ding nilalaman:

ama namin,
ginigising mo kami
tuwing umaga.
(tuwing sasabihin kong
“ser, iihi ako,”
nangingilo ako
sa irit ng bakal.)”

Sa unang linya, tila ibinabalik ng makata sa mambabasa ang pang-araw-araw na gawi sa mga binyagang Katoliko: ang pagdarasal ng Aba Ginoong Maria. Ngunit naiiba ito sa karaniwan at ang dapat sana’y mahabang orasyon ay naging pagbabahagi ng buhay at pagpapakasakit ni Tariman sa araw-araw na kalbaryo sa bilangguan. Ang nakangingilong ingay ng kadamang bakal ng kulungan sa tuwing may umihi sa umaga ay nakadaragdag sa sensibilidad ng sinumang nagbabasa ng tula.

Sa ikalawang saknong, idinetalye niya ang kanilang inuumagahan sa selda na kaniyang kinayayamutan sa araw-araw nitong paghahain: mula sa “nilagang itlog at kamatis hanggang sa munggo at bitswelas.” Pahayag pa niya: ‘yan ang aming kakanin / sa araw-araw. / dito sa lupa, parang nasa langit!” Habang sa ikatlo at huling saknong, humihingi ng patawad ang makata, hindi dahil sa pagkakasala niyang nagawa tulad sa isinasaad ng dasal. Kundi dahil sa ang kasalanan ng mga tulad niya ay “sala ng maliliit.” Tinutukoy niya iyong mga karaniwang taong tulad niya na nagnanais lamang tumulong sa mahihirap at naghihikahos, na sa kabila ng lahat, sila ang itinuturing na mga kriminal at sinasampahan ng gawa-gawang kaso. Ganito nagwakas ang tula:

ama namin,
iadya mo kami sa bagot
mananalig kami
sa aming mga sarili
hanggang sa ang mga diablo
ay magkalagut-lagot! (50)

Sa kabila ng reyalidad ng ligalig at pagkabagot na mararamdaman sa tula, buo ang tiwala at pag-asa ni Tariman na hindi panghabambuhay ang ganitong tagpo

na kaniyang matutunghayan sa araw-araw. Paniwala niya, ang mga itinuturing na mga “diablo” na mga nagkatawang-tao ay may kalalagyan din sa kasaysayan.

Dagdag pa, bukod sa nakatatak na sa kolektibong kamalayan ng mamamayan ang panalanging ito bilang kasangkapan sa pananakop ng mga Kastila sa Pilipinas, ginamit din ang panalangin noong Unang Kilusang Propaganda sa panulat ni Marcelo H. Del Pilar sa pamagat namang “Aba Ginoong Barya” upang ipakita naman ang mga pang-aabuso at pananamantala ng mga nasa kapangyarihan, pangunahin ang prayle ng Simbahang Katolika. Tila isang pagpapamalay na ang makabayang tradisyong panitikan sa anyo ng subersiyon ay nagpapatuloy, lalo sa hanay ng mga intelektuwal na nakikisangkot.

Sa pangkabuuan, mula sa seryosong tono ng pagpapanatili ng katinuan sa loob ng bilangguan tungong pang-uuyam sa pang-araw-araw na nagaganap sa pagitan ng mga rehas, ang pagiging optimistiko at buo ang loob ay makikita sa mga tula ni Tariman na pumapaksa ukol sa kaniyang danas sa loob ng bilangguan. Sa ganitong karanasan at paglikha, hindig-hindi ito nalalayo sa mga tula ni Axel Pinpin.

Sa tatlong makata na sentral sa pag-aaral na ito, tanging si Axel lamang ang detalyadong naitala ang samotsari niyang karanasan bilang bilanggong politikal sa mga taong 2006, 2007, at 2008. Lubos na nakatulong ang paglalagay niya ng mga petsa sa bawat tulang kaniyang nilikha upang sa gayo’y maidokumento hindi lang ang mga personal niyang danas kundi pati na rin ang halo-halo niyang emosyon habang lumilipas ang araw sa loob ng piitan. Sa labis niyang desperasyong lumaya, hindi iilang beses sumagi sa kaniyang isip ang tangkang pagtakas (Pinpin, Ang Pagsusulat).

Mukha ng Pakikitunggali sa Loob ng Bilangguan: Mga Pag-atras at Pagsulong, Mga Pagkabigo at Pagbangon

Pananatiling matatag at palaban ni Pinpin ang makikita sa tulang “Bakit Hindi Ako Umiiyak?” nang minsang mapabilang siya sa isa sa mga kapananayamin ng isang Pranses mula sa International Committee of the Red Cross o ICRC bilang bahagi ng therapy sa mga bilanggong politikal kagaya niya. Batay sa tula, tinanong ng taga-Red Cross kung bakit hindi lumuluha ang makata pagkat may naitutulong ito sa kabila ng pagkakapiit. Para kay Pinpin, gawin niya man ay hindi

na luha ang dumadaloy sa kaniyang mga mata kundi apoy dulot ng mga kasabay na nangyayari sa paligid:

Matapos sumiklab ang pighati't dusa sa gunita ng mga mahinang hikbi ng mga Inang nawalan ng lupa, inagawan ng Anak, o Anak na dinukot ang Ina; o kaya'y Anak na dinukot sa sinapupunan ng Ina upang ipangtambak ang kanilang bangkay sa patubig ng ipinagtatangol na lupa. (51)

Kaya para kay Pinpin, mula sa mga pangyayaring ito na higit pa sa kaniyang pinagdaraan, sapat na ang mga iniluha ng mga biktima ng kawalang-katarungang sinapit ng kagaya niya sa kamay ng mga nasa kapangyarihan. Gayunman, ang kawalang-usad ng kaso ng halos isang taon na niyang pagkakabilanggo sa Camp Vicente Lim sa Laguna ay tila kalawang na unti-unting sumisira sa kaniyang moog na bakal na paninindigan.

Nagsagawa rin si Pinpin ng pag-aayuno upang lalong paigtingin ang kaniyang panawagang lumaya kabilang na ang iba pang bilanggong politikal sa bansa. Sa tulang “337/40,” binigyan niya ng buhay ang sariling lamang-loob upang isalarawan ang sakripisyo at determinasyong malampasan ang gutom ng pagpapakasakit alang-alang sa inaasam na paglaya.

Sa tuwing mauulinigan ng organong pangtunaw ang langitngit at kagaskas ng plastik ng biskwit ay nauuna pang manginig ang mga ugat ng gulamot kaysa sa labi, dila, ngipin, ngala-ngala, lalamunan, lalaugan, mga dingding ng menudensya at kolon.

Ang organong pantunaw o *intestine*, na kinakausap ng may-akda bilang bahagi ng katawan, ang nagmistula niyang sarili at isinasaloob ang nais isalarawan ng kaniyang kalagayan ng mga panahong iyon sa ika-40 araw ng pag-aayuno bilang pakikiisa sa Fasting for Justice & Freedom kasabay ng kaniyang ika-337 araw ng pagkakabilanggo.

Paano isalarawan ang mga inagaw na sandali at pagkakataon sa may-akda sa loob ng bilangguan? Heto't buhay at tumitibok-tibok sa gatla ng kaniyang mga palad at kamalayan.

337-araw nang di-nahahalikan ng araw ang maputlang katad ng lawas.
337-araw nang di-nakakapag-unat-inat ang mga litid at gatil.

337-araw nang di-nakakadaop sa ibang palad ang mga guhit ng palad.

337-araw nang di-nabisita ng kuryente ang poste ng urong na bayag.

337-araw nang di-regular ang suri ng mediko sa hikaing baga.

337-araw nang di-nawawalay ang butuhing-paypay sa banig na sahi.

337-araw nang di-nakasisipat sa telebisyon ang mga singkit na busilig.

Kung gayon, ang ganitong uri ng “pakikipag-usap sa sarili” ay hindi lamang isang masining na paraan upang idetalye ang kinahantungang kalagayan; mainam itong ehersisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa kabila ng pagkakapiit—ang pagpapalakas at pagpapatibay ng kalooban laban sa araw-araw na pagkainip at pagkainis sa malaon nang pag-usad ng hustisya sa bansa.

Ang dalawang magkasunod na tula ay patunay kung paano at gaano nilalabanan ng makata ang ligalig ng kalooban dulot ng bagot at buryong ng pagkakapiit sa loob ng isang taon. Ang mga tulang “Isang Magdamag at Kalahating Araw ng Inip, Inis, at Inip” at “Kung Paano Paslangin ang Pagkabagot sa Loob ng Karsel” ay naging sukatan din ng pagsubok sa pagbawi ng katinuan sa loob ng bilangguan.

Sa tulang “Isang Magdamag,” binubuo ito ng apat na kanto at bawat isa’y may inihahaing anyo ng pagkainip at pagkainis sa bilangguan. Sa unang kanto ng tula, tila ipinararamdam at ipinararanas ni Pinpin ang tunay na anyo ng pagkabagot na kaniyang sinapit habang hinihintay ang araw ng paglaya.

I. Kumakapal ang aking balakubak sa kakakalkal at kakamot.
Tumatalas ang aking balbas sa kahihimas at kahahagod.
Naglalangis ang aking ilong sa kapipisil at kasinghot.
Namamanhid ang aking dila sa kahihhip at kahihigop.
Namumula ang aking mata sa kakakuskos at kakakusot[.]
Naninilaw ang aking daliri at nangingitim naman ang labi sa kahihithit at kauupaop.

Sa ikalawang kanto, ibinahagi niyang hindi basta pangkaraniwang karanasan ang kanilang sinapit, kabilang na ang Tagaytay 5 kung saan itinuring

niya itong may mahahabang gabi at isang hindi makalilimutang “pakikilamas sa dilim.” Sa panghuling kanto nama’y ang patuloy na paglabag sa mga karapatang sibil at politikal ng mamamayan, karaniwan man o aktibista, ay hindi lingid sa kaalaman ng makata pagkat kahit nakapiit ay nakatatanggap pa rin ng mga balita sa pamamagitan ng mga saglit na pakikipag-usap o pagpapadala ng mga babasahin mula sa kaniyang mga dalaw, lalo na ang iba’t ibang pangmasang organisasyon. Para kay Pinpin, ang kanilang mga nararanasang hagdugit at dagok mula sa mga nasa kapangyarihan ay tila malinaw niyang nasasalat sa sariling katawan at ilang materyal na gamit sa loob ng bilangguan tulad ng lapis at sigarilyo.

Sa tula namang “Kung Paano Paslangin ang Pagkabagot sa loob ng Karsel,” tila ang mga tanawin o pangyayari sa bilangguan ay isa na ring balon ng talinghaga ng pagkakatanikala, kung hindi man ay materyal sa kongkretong pagsasalarawan kung paano pinapatay ang oras at pinananatili ang katinuan sa kulungan. Binubuo ang “Kung Paano Paslangin” ng 14 na saknong sa anyo ng koplá o dadalawahing linya ng tula sa bawat saknong. Kagaya ng naunang tula sa itaas, nagpapamalas ito ng pagiging bukas ng pandama sa lahat ng pagkakataon na napakahalagang aspekto sa pagpapanatiling buhay habang nakapiit. Ganoon din sa “Kung Paano Paslangin.” Tila isang paanyaya ito ng makata na galugarin ang loob ng bilangguan at ipadama ang mga bagay na naroon na mistulang pagbisita na rin ng mambabasa sa lugar. Aniya, lahat ng pupuwedeng mahagip ng mata ay isang natatanging detalyeng makadaragdag sa pinoprojekto niyang kalagayan sa loob ng piitan: mula sa kisame, pader, sahig, mga pesteng nagkalat sa buong selda, hanggang sa pakikinig ng radyo, pagbabasa ng diyaryo, hanggang sa muling pagharap sa salamin, at pagpapalaya ng diwa. Ganito nilagom ni Pinpin ang karanasan sa huling dalawang saknong:

At saka ka makipaghabulan sa bagal ng oras
At sa di-maabutang kupad ng gulong ng oras.

(Mapapawi ngayon ang limbo ng iyong panglaw
At malilimutan mong wala na sa iyong dumadalaw.)
(49)

Ang tumitinding diskontento at ngitngit sa tumatagal na panahon ng pagkakabilanggo ay tila unti-unti nang sasabog. Nasasagad na ang hinahon,

di na maawat ang pagpipigil na lumaya. Maitutulad ito sa unang saknong ni Pinpin sa tulang “Awit ng Bilanggong Politikal”:

Ang pader ko’y di lamang malamig at malagkit,
Nakakwadro rin dito ang latay ng **pasakit**.
Ang sahig ko’y di lamang marumi at maganit,
Nakaratay din dito ang tisikong inip.
Ang rehas ko’y di lamang kalawang ang **galis**,
Naglangib na rin dito ang paglayang nais. [akin ang diin]

Binubuo ng anim na taludtod at isahang tugmaan ang unang saknong. Lampas sa mga salitang nagsasalarawan sa loob ng bilangguan gamit ang pang-uri (“malamig,” “malagkit,” “marumi,” at “maganit”), rumehistro rin sa tula ang mga salitang *pasakit*, *nakaratay*, *galis*, at *naglangib* bilang alusyon ng bilangguan. Kung gayon, hindi na lamang bilangguan ang bilangguan, kundi ito’y sa loob ng isa pang malawak na bilangguan: ang lipunang Pilipino kung saan walang-patid ang kabi-kabilang panlipunang sakit tulad ng kawalang-katarungan, panunupil, pamamaslang, at korupsiyon na nauna nang tinalakay ng mga bilanggong politikal noon pang huling bahagi ng ika-19 na siglo. Ang ganitong pagpapatuloy ng tradisyon sa paggamit ng “sakit” upang halawin sa sakit ng lipunan gamit ang panitikan ay laging matingkad at nagpapatuloy sa pana-panahong tumitindi ang panlipunang sigalot o ligalig sa bansa.

Ano, kung gayon, ang dapat gawin? Para sa makata, wala nang ibang solusyon kundi ang isang marahas na pagtugon. Makikita ito sa ikalawa at huling saknong ng tula:

Wisikan ng tula ang langib ng paglaya!
Wasakin, wasakin ang rehas na sutla!
Wakasan, wakasan ang salot na pagdusta!
Bumangon sa dilim na ngitngit ang tanglaw!
Banggain, banggain ang pader na ampaw!
Banggain ang karsel na pagtakas ang hiyaw! (45)

Bilang awit sa anyo ng tula, litaw ang pagiging lirikal nito na kapansin-pansin sa bawat taludtod. Tila patalim na may dalawang talim ang inihahain sa atin ng may-akda—ang pagtugon sa kasiningan ng akda habang iginigiit ang rebolusyonaryong nilalaman. Sa pamamagitan din ng tula, awit ito hindi na lamang ng may-akda kundi pati na rin ng sanlaksang bilanggong politikal sa iba’t ibang panig ng bansa.

Panghuli, ang tulang “Hiling” ng makata tungkol sa

sariling danas sa kulungan ang huling tulang naitala sa taong 2008, ilang araw bago mapatunayan sa korte na sila'y mga walang-sala at pawang gawa-gawa lamang ang mga kaso sa Tagaytay 5. Gayunman, nasa rurok na si Pinpin ng puwersahang pagtakas. Nag-umpisa ang tula sa usapan hinggil sa pakikipag-usap. Ang “mo” ay maaaring ituring na ang mambabasa, bisita o kaya mga kapuwa ring nasa bilangguan o mga bantay na humihingi sa kaniya ng tula. Nasa malayang tatluturan ang tula at sinasalamin nito ang mahigit dalawang taon nang kawalang-pag-asa ng makata bilang bilanggong politikal.

Sa unang dalawang saknong ng “Hiling,” madarama na ang kawalang-interes ni Pinpin matapos hilingan na lumikha ng tula. Aniya, tila ang kaniyang pagkakapiit ay siya ring paglaho ng anumang kasiningan at talinghaga na mayroon siya noong malaya pang nakakikilos. Tanging usok na lamang mula sa sigarilyo, lango sa pagkakape, at maya't mayang pakikipag-usap sa sarili ang kaniyang pinagkakaabalahan na tanging nagdurugtong sa kaniyang buhay sa loob.

Hinikap ko ang orchestra ng gabi
upang humimig ito sa pagitan ng mga linya,
subali't walang kuliglig,
walang pagaspas ng dahon,
walang palseto sa tinig ng dilim—
nang sumilip ako sa pagitan ng mga rehas,
mala-sirang-plakang ikid lamang ng bentilador
at yabag ng mga tusong daga
at piping anino ng aking katawan
ang tunog
sa loob ng di umiimik na selda. (100)

Ngunit nagsikap ang may-akda na apuhapin ang mga karanasan at alaala noong siya'y nasa labas pa at upang muling balikan sa isip ang kahulugan ng saya o pag-asa: mga bulaklak at malalabay at malalapat na puno ng kaniyang kabataan. Ngunit tila pawang kabiguan at kalungkutan na mga imahen lamang ang kaniyang natitised sa hinagap.

walang konsepto ng kumbinasyon ng mapusyaw
at matinkad ang an-aning pader
ng bilangguan. Mapanglaw at patay
at nakakabulag ang lapad ng sahig
at walang hanggan ang kisame
na animo'y natutuyong plema.

Habang tumatagal, nagmimistula itong maluwang na sementeryo para kay Pinpin—mula sa an-aning pader sa mga tila nababakbak na pintura sa mga lapida; hitsura ng sahig na maitutulad sa mga nagtataasang damong-ligaw; at walang-hanggang kisame na maihalintulad sa walang-katapusan at dumarami pang bilang ng mga nitso hanggang sa abot-tanaw. Kaya tanong ng makata, saan pa siya kukuha ng inspirasyon o gana man lang sumulat kahit maikling tula kung ganito na ang tanawing kaniyang namamalas tuwi-tuwina?

Ang matagal nang inuusal-usal ng may-akda ay malinaw nang nagsasaanyo bilang isang akto ng pagtatangka na igpawan ang mga kalawanging rehas na pumipiit sa kaniyang buto't kalamnan ngunit hindi sa kamalayan. Sa pagtatapos, litaw na litaw ang pagkasilaw ng makata sa ningning na ipinagpapalagay niyang magkakaloob sa kaniya ng di-matatawarang akses sa mabilisang paglaya:

Mas mabuting magbakasakali
sa pakiwal-kiwal na baywang ng gwardya.
Matining at umaawit ang **kalansing**
ng **kulumpon ng susi at makintab**
at makahulugan ang **repleksyon** ng paniniil
sa **pilak** na baril—
nagpapa-indak sa matulaing pagbabalak.

Nalalasp ko na ang koro ng paglaya. (101)
[akin ang diin]

Inamin ni Pinpin na di lamang makailang ulit niyang tinangka ang pagtakas kundi libong beses pa nga (Pinpin, PEN Forum). Para sa makata, unti-unti nang nilalamon ng dilim ang kaliwanagan na dapat sana'y gumagabay sa nagugulumihanan niyang pag-iisip ng mga panahong iyon.

Pagsalungat at Pagbalikwas sa Likod ng mga Rehas

Sa pagkakapiit ni Acosta, madarama ang pagbalikwas at katapangan sa pana-panahong pagkagupiling; ang siste sa panulat bilang ganti sa harap ng mga nasa kapangyarihan; at pagpapamalas ng rebolusyonaryong optimismo sa kabila ng kagipitan sa piitan.

Bumubungad sa koleksiyon ng mga tulang ito ni Acosta ang tungkol sa kalagayan sa bilangguan bilang tatlong magkakaugnay at magkakaparehong

pamagat na tula: ang “Halaw ng Buyonero,” “Halaw ng Buyonero: Kriminal,” at “Halaw ng Buyonero: Kampo.” Mula sa salitang-ugat na *buyon* na salita sa Kabisayaan bilang “bilbil,” tumutukoy rin ang salitang ito sa balbal na katawagan sa “inidoro” o “kubeta.”

Sa unang tula, idinetalye ni Acosta ang kaniyang karanasan sa paglilinis ng dumi sa inidoro sa iba’t ibang lunan: una, noong siya’y nagpupunas ng kaniyang sinukahan bilang miyembro pa noon ng *Kule* (pinaikling *Philippine Collegian*, pahayagang pangkampus ng UP Diliman); ikalawa, habang naglilinis ng puwet ng mga bata habang nasa trabaho o pagpupulong ang mga magulang ng mga bata ng pamilyang kanilang pansamantalang tinutuluyan; at ikatlo, ang kasalukuyang kalagayan habang naglilinis ng inidoro sa bilangguan. Maaaring basahin sa ganitong transisyon ang nasabing pangyayari: unibersidad bilang personal, komunidad bilang komyunal, at bilangguan sa antas na politikal.

Salabid man sa salimuot,
ito pa ri’y paimbulong,
pasulong,
isang dayalektikal na progresyon,
isang kumulatibong proseso

ng pagkatuto,
pagpapatatag,
at tuloy-tuloy
na pakikihamak. (37)

Sa ikalawang tula naman na pinamagatang “Halaw sa Buyonero: Kriminal,” gamit ang malikhaing imahinasyon habang naglilinis ng inidoro, nilikha sa isip ni Acosta kung paanong sakaling dumating ang isa sa nag-i-interrogate sa kaniya. Ganito ang diyologo ng piksiyonal na interogador: “Sayang ka, matalino ka pa naman at may pamilya. / Kung bakit naman kasi hindi ka pa naki-cooperate... Tila dagli ring sasagutin ni Acosta ang ganitong uri ng pananalita. Matalas, matapang, at palaban ang mahihinuha sa mga katagang binitawan ni Acosta sa kaniyang piksiyonal na kausap. Aniya, hindi nagpapakita ng katalinuhan ang pakikipagtulungan sa pasismo. Lalong walang katuturan ang pagiging matalino kung hindi naman ito ginagamit sa pagpapaunlad ng kinabibilangang lipunan. Dagdag pa ni Acosta, libo-libong anakpawis ang kaniyang pamilya. Mapapansing napakaseryoso ng tono ng mga binitawang pahayag ng may-akda na bukod sa piksiyonal na interogador, maging

ang kaniyang mambabasa ay magigitla sa ganoong pahayag. Pero hindi talaga ito ang binabalak gawin ng makata kundi ito:

Sisipulan ko na lang siya ng Awit
ng Peti-B o Curacha Mayor
habang winawalis-tingting ang tubig
na naipon sa isang bahagi ng sahirig
papunta sa kubeta. (38)

Sa pagpapatuloy ng tula, tila nagsasaya at may ngiting tagumpay na isinalarawan ni Acosta ang interogador sa kinahantungan ng may-akda: “Yan ang dapat sa gaya mong kriminal— / ang mabulok kasama ng kapwa mo / kriminal at walang pag-asa sa buhay!” Kung si Acosta lang ang papipiliin, hindi na niya kailangan pang ipagtanggol ang sarili o anuman pagkat alam naman niyang hindi totoo ang sinasabi ng interogador. Ngunit tila nasaling ang damdamin ng makata at para maipagtanggol ang mga kapuwa kasamahan sa bilangguan, ipinagtanggol niya ang mga ito. Ayon kay Acosta, kung krimen o pagkakasala sa bayan lang naman ang pag-uusapan, higit at lalong mabibigat ang sa mga “panginoong maylupa,” “komprador,” at “imperyalista.” At wala sa kanila, dagdag pa ng makata, ang mag-aahon sa kahirapan tungong kaunlaran sa sistema ng lipunang Pilipino kundi nasa “bagong demokratikong rebolusyon.”

Ngunit tulad ng nangyari sa unang bahagi nitong tula, ganito ang magiging tugon ni Acosta: “Pero kahit hindi na. / Aalukin ko na lang siya ng bahaw. O hihingan ng dos pambili ng chlorine.” (39)

Sa unang malas, simple at kakatwa lamang ang mga ganitong hirit o tugon ni Acosta sa harap ng ahente ng estado, piksiyonal man o kung sakali mang sa aktuwal na pangyayari. Ngunit ang ganitong pamamaraan ng pakikiharap ay hindi lamang isang simpleng bagay kundi maituturing na ring isang uri ng subersiyon sa mga maykapangyarihan. Isa itong anyo ng satirika kung saan tinitingnan bilang kakatwa ang mga nasa poder upang pagmukhaing kakatwa o katawa-tawa sa paningin ng karamihan. Ang ganitong anyo ng subersiyon ay may layong alisan ng talab o dating, sa usapin ng kapangyarihan, ang nakatataas, na nag-ugat pa sa mga kuwentong-bayan ng bansa.

Panghuli sa set ng magkakatulad na pamagat ang “Halaw ng Buyonero: Kampo.” Katulad ng katatapos na tula sa itaas, kinakausap din ng makata ang dumakip sa kaniya at sa puntong iyon, handa na siyang sumagot

sa mga akusasyon sa kaniya: ang di-umanong lugar na kinikilusan, ang kaniyang ranggo, at lugar ng kampo. At tulad ng inaasahan, ganito ang isasagot ng may-akda sa kausap sa sumusunod na saknong: “Ser, selda dos ang konsol area ko. / Nagpapalawak pa sa iba. / Ser, ’yung ranggo ko tingnan n’yo, / Buyonero pansamantala.”

Sa pagwawakas ng tula, nag-iba ng tono ang may-akda na kinikilala ang dahas ng pagpapasuko ng kinabibilangang ahente ng estado upang ganap siyang paaminin sa kasalanang di naman niya ginawa at malaon ay tuluyan siyang pabulukin sa bilangguan. Sa halip, ibang Acosta ang makikita sa panghuling saknong. Kakikitaan ito ng tapang, sigasig, at optimismo sa pinili niyang landas at prinsipyo.

At ’yun ba ’ka n’yong kampo? Heto
sa dibdib ko—subukan n’yo kung mababaklas—
andito, ser, ang mga bisig
ng milyong dukhang nag-aaklas. (40)

Tulad ng pagsasalarawan ng buhay-buyonero sa loob ng bilangguan, ang pang-araw-araw na danas naman ng may-akda ang sinikap niyang ipabatid sa tulang “Nakahiga sa Tarima, Kaharap ng Pader.” Sa ganitong saknong inumpisahan ang tula:

Isang pares na ipis
Itong mga paa ko
na gumalu-galugad
sa pader na semento.

Ginamit ng may-akda ang kaniyang paa upang ihalintulad sa ipis nang maisalarawan ang kalagayan nito sa kinapupuwestuhang lugar batay sa tinutukoy ng pamagat ng tula: nakahiga sa tarima o higaan sa loob ng selda. Sa estilong ito gamit ang mga simpleng salita at imahen, naipahatid ng may-akda ang nais sabihin sa simple ngunit malikhaing pahayag. Ngunit sa kabilang banda, hindi ito nakabawas sa kabuuan ng tula at katulad maging sa mga sumunod na taludtod. Ang kasimplehan nito ang nagpatingkad upang maiparating nang agaran ang mensahe ng tula sa mabilis na pagkakataon. Buo at malinaw ang larawan sa isip ang nais sabihin sa kalagayan sa loob ng selda: hindi panatag ang loob ni Acosta kaya, tulad ng ipis, hindi ito komportable o aligaga sa kasalukuyang disposisyon batay sa iminumungkahi ng galaw ng mga paa (Armingol 24–26). Narito ang kabuuan ng tula:

Napaihi ang higad
sa bote ng Añejo,
nilanggam ang balikat
ng modelo ng So-ho.

Napaipot ang tiki
Sa bigote ng santo,
Binangaw ang bunganga
ng trapong kandidato.

Isang pares na surot
Itong mga mata ko
na sumipsip sa dugo’t
laman ng kalendaryo. (41)

Sa unang malas, tila walang ugnayan ang magkasunod na dalawang taludtod. Kung susundan ang naunang tinatalakay nito mula sa unang halimbawa sa itaas, ang samotsaring bagay na nasa loob ng selda: ang bote ng Añejo na brand name ng maanghang na sawsawan; larawan ng So-ho na katumbas ng *For Him Magazine* o *FHM* sa Pilipinas; rebulto ng santo; larawan ng trapong politiko at kalendaryo. Sa ganitong kaayusan, mapapansing makalat ang nasabing selda, labas pa sa usapan ang bilang ng mga nagsisiksikang bilanggong nasa loob ng selda. Pansinin din ang pagkakabaybay sa dalawang pangngalang salita na nasa pamagat: “Tarima” at “Pader” na kapuwa nag-uumpisa sa dalawang malalaking letra. Posibleng ipinamamalay ni Acosta sa kaniyang mambabasa na ganoon na lamang kalaki ang pader na pumapagitan mula sa loob tungong labas ng selda kaya ganoon na lamang din kalawak ang tarima at nagdulot na ito ng inip ng paghihintay na lumaya sa pagkakabilanggo, pagod sa pagkakabilanggo, at buhay-bilanggo.

Sa usapin ng bawat linya o taludtod, ang mga taludtod mula ikalima hanggang ikawalo ay tumutukoy sa pagmamalabis ni Acosta bilang pansuporta sa mga bagay na nasa loob ng selda. Samantalang ang taludtod mula ikasiyam tungong ikasampu ay tumutukoy sa panlipunang komentaryo sa simbahan. Habang ang mga taludtod na ika-11 tungong ika-12 ay tumalakay rin sa sa usapin ng nalalapit na eleksiyon ng mga tatakpong politikong kandidato; at ang panghuling saknong naman ay gumagamit ng surot na sumisimbolo sa marahas na pag-alis o paglipat ng panahon. Maitatanong: sa alin sa mga sumusunod na mga taludtod mahahanap ang pagkakaugnay ng bawat saknong upang makabuo ng isang paksang-diwa? Ang mga ginamit na insekto bilang sentral na

imahen sa tula upang isalarawan ang turing ng makata sa sarili ang magpapatunay kung paano itinuturing ang makata sa seldang kaniyang kinasasadlakan: ipis, higad, langgam, at surot—mga bahagi ng kapaligiran o bumubuo ng kalikasan, na itinuturing na maliliit o kumag sa paningin at turing. Nasa anyo rin ang tula ng pipituhing pantig kada taludtod bawat saknong na nabibilang sa sukat na gansal at kumakatawan sa isa sa mga katutubong panulaan, ang tanaga (Almario 38). Nasa kolektibong alaala pa rin ng mga Pilipino ang nasabing katutubong pagtula kaya masasabi itong “popular sa iba’t ibang rehiyon ng bansa” na “direktang nakaugnay sa masang kaniyang kinikilusan” kaya magaang basahin ang panulat ni Acosta. Samakatwid, “lalong napapalapit sa masa ang obra kung ang mismong porma ng panitikan ay bahagi ng kanilang tradisyonal na kultura” (G. Guillermo 11; Panitikan ng Pambansang Demokrasya 15). Kaya ang reyalidad ng pagkainip sa bilangguan ay isa sa pangunahing kalaban ng mga bilanggong politikal. Ngunit may mga pagkakataong nagagamit nila ang tagpong ito para patalasin ang iba’t ibang sensibilidad.

Ngunit may mga pagkakataong di maganda-ganda ang gising ni Acosta. Litaw na litaw ito sa tulang “Alimpungat.” Kabilang ito sa katipunan ng tula na binigkas ni Richard Gappi, dating kasamahan ni Acosta sa *Philippine Collegian* at isa ring makata, sa Free Ericson Acosta Campaign na ginanap sa Unibersidad ng Pilipinas–Diliman bilang pagdiriwang sa ika-40 kaarawan ni Acosta. Mula sa mismong pamagat, kahit matagal-tagal nang nakapiit, may mga araw pa ring nagigising o naaalimpungatan si Acosta kung paanong napunta sa apat na sulok ng bilangguan iyon. Tila estranghero niyang binabaybay at inaapuhap ang loob ng kulungan: ang lambing sa wika ng mga tao sa bayang iyon, ang bombilyang bibitin-bitin, ang gabok at agiw, ang iniipis na inidoro. Ngunit bawat matapos ang alimpungat na iyon ay alam na alam niyang natulog siya kinagabihan hindi saanmang lugar tulad ng looban, katabi ang karelasyon o saan pa man higit na tahimik at payapa. Paliwanag niya:

Anupa’t sa dulo ng alimpungat
Sa bungad ng ulirat,
Doon na lamang tatambad
Ang kuwatro-por-otso metrong sukat
Ng bakal, kawad
At kongkretong
Katotohanang ito—

Natulog ako kagabi

Sa sakal
Ng pasismo. (105)

Samantala, kakatwang tagpo naman ang matutunghayan sa tulang “Usok-usok.” Nasa anyo ito ng tulang pasalaysay at maaaring basahin bilang isang kuwento. Ang tila buong araw na pagpasok ng usok sa bilangguan kung nasaan si Acosta ang nais paksain ng tulang ito. Ayos lang naman daw sa makata ang usok pati na sa mga kasama niyang preso. Mainam pa nga raw ito na pantaboy ng mga insekto, nakatatanggal din ng pagkayamot sa bilangguan sa araw-araw na tanawin. Kaya lang, napakakamot si Acosta na kung walang mahanap na panggatong ay malamang ang kanilang mga lumang damit o kaya anumang bagay na maaaring magpaningas ng apoy na may malaking epekto sa kanilang kalusugan. Bukod pa roon, ayon sa makata, pangunahin nilang problema sa usok ay kung buong araw ang nakasalang sa kalan ay takure para mag-init lamang ng tubig at hindi kanin at ulam. Kaya ang tila korong sigaw ng mga nasa bilangguan: “Hoy, Warden, ang rasyon namin!” (55). Sa kabila ng kahirapan at kagutuman, ang ganitong uri ng siste gamit ang panulat ang isa sa mga sumasalba sa ulirat, ligalig ng loob, at katinuan ng mga bilanggong politikal.

Samantala, sa tula namang “Usok,” na maiuugnay rin sa tula sa itaas, mapapansin ang malungkot na tinig ni Acosta. Tila sinasabayan nito ang buhos ng ulan ng bagyo. Kasabay ng pagsalarawan sa anyo ng kalikasan na kaniyang natutunghayan sa mga oras na iyon, kalakip nito ang bugso rin ng mga alaala ng makata na sinisikap niyang lagumin sa kinalalagyan niya ng panahong iyon. Sa panghuling saknong, inihalintulad niya sa usok ng sigarilyo ang mga pahina ng kalendaryo na dahan-dahan ngunit malayang lumalabas sa pagitan ng mga rehas, hindi tulad niyang nananatili lamang doon (56).

Nasa anyong pasalaysay din ang dalawang huling tula ni Acosta na pinamagatang “Disyembre 8, 2011” at “Pebrero 13, 2012” na posible ring basahin bilang kaniyang mga tala sa araw na nabanggit. Kung bibilangin ang tagal ng pagkakabilanggo ni Acosta, ang unang tula ay bumibilang ng 10 buwan ng pagkakapiit habang ang panghuli ay isang taon ng pagkakadakilap sa may-akda ng mga militar. Kinakatawan ng dalawang tulang ito ang desperasyon, pagkalugmok,

at pagbangon ng may-akda sa isang taon na niyang pagkakapiit at patuloy na pakikitunggali sa aparato ng estado.

“*Hunger strike*” ang siyang pinapaksa ng tulang “Disyembre 8.” Aminado si Acosta na ang kaniyang pagkakabilanggo ay nakapanlulumo at hindi biro ang panahong kaniyang inilalagi sa apat na sulok ng sikip, init, at inip sa likod ng mga rehas. Aniya, higit na mapanganib ang lunan na ito para sa mga bilanggong politikal na may sakit, buntis o matanda na. Bukod pa roon, aniya, hindi lang mismo mga bilanggong politikal ang siyang nakararanas ng ganitong kawalang-katarungan kundi maging ang mga kaanak at pamilya nila na dulot na rin ng pagtanggap ng estado na walang ganitong uri ng bilanggo sa bansa.

Ngunit para kay Acosta, sadyang masigasig at masikhay ang kilusan sa kaniya at sa marami pang bilanggong politikal sa bansa sa panawagan ng agarang paglaya nilang mga nakapiit. Ito’y sa kabila ng kaniyang pag-aayuno at sa halip na malugmok ay siya pang nagbigay ng lakas at ahitasyon upang magpatuloy sa pagtunggali sa aparato ng estado (50).

Ang balintunang pakiramdam ni Acosta ang makikita naman sa tulang “Pebrero 13, 2012.” Kaunawa-unawa, aniya, ang mga pag-aalala at pampalubag-loob ng mga bumibisita sa kaniya, mapakaanak man, kaibigan o kasama. May mga pagkakataon ding ang kaniyang mga bisita ay sila pang nahihya sa tuwing kinukumusta si Acosta dahil tila alam din naman nito ang kalagayan ng makata. Ang dapat sanang pagkukumustahan sa tuwing oras ng dalaw ay nahahaluan paminsan-minsan ng di-inaasahang pagkaumid ng dila o pananahimik dulot ng talaga namang kabagalan at kabulukan ng sistema ng hustisya sa bansa. Gayunman, ito ang tugon ni Acosta:

Sa loob ng isang taon, sa gitna ng napakatunay na hindi OK na kalagayan, gusto kong sabihing OK ako. Sa harap ng pagdurusa, walang ibang nararapat kundi ang maging matatag at panindigan ang laban. Bihag man ng dahas at kawalang-katarungan ng estado, ako ay hindi lugmok o lupig. Hindi ko iniinda ang awa ng mga kaanak, kaibigan at kasama. Natural na bahagi na ito—gaya ng lungkot, galit o maging pangamba—ng pagmalas at pagdanas sa isang kongkretong kaso ng inhustisya, di ko ito inda lalo na dahil alam kong mas nananaig sa bawat isa ang palabang diwa at ang pagnanais na makapagbahagi sa at maging bahagi ng pag-asa ng paglaya. (51)

Kongklusyon

Sa pangkalahatan, kapuwa magkakaugnay at pangunahing naging laban ng mga makatang sina Tariman, Pinpin, at Acosta ang inip, ligalig, at buryong sa loob ng bilangguan at paano gagawing makabuluhan at buo ang loob sa prinsipyo sa pagkakapiit sa apat na sulok nito. Litaw din ang inis, desperasyon, at pana-panahong pagkalugmok gawa ng mga personal na dahilan na kung tutuusin ay normal at bahagi ng proseso ng kani-kanilang pakikitunggali sa “Libingan ng mga Buhay.” Ngunit sa kabila nito, lumalabas sa mga tinalakay na tula na nagawang alpasan ng mga makata ang dinanas na panunupil sa kamay ng estado at nagawang igpawan ang iba pang katulad na balakid upang kahit sa pagkakapiit sa likod ng kalawanging rehas ay naisakatuparan pa rin ang kanilang mga pinaniniwalaang prinsipyo at ipinaglalaban. Isa sa positibong resulta na nakalap sa mga tinipong tula ay ang pagpapakita ng tinatawag na “rebolusyonaryong optimismo” sa anyo ng giting, tapang, at determinasyon na igpawan ang kongkretong disposyon sa loob ng piitan. Sa totoo lang, kagila-gilalas para sa isang indibidwal na mapanatiling matatag, buo ang loob, at nasa huwisyong pag-iisip at damdamin matapos sampahan ng gawa-gawang kaso—ito ang maipagmamalaking katatagan ng mga nabanggit na makata at sa marami pang bilanggong politikal sa bansa hanggang sa kasalukuyan. Tila anumang gamiting panukat o instrumento para tasahin ang katagan ng loob ng mga nabanggit na makata at bilanggong politikal ay malinaw na walang makatutumbas. Ipinakikita lang nito ang mahigpit na kapit sa prinsipyo at paniniwala, alang-alang sa mithiing kanilang isinasabuhay.

Ang ganitong tapang at determinasyon na igpawan ang mga kontradiksiyong kinaharap at dumagan sa kanilang mga likod ay isang malinaw at matapat na pagpapakita ng subersiyon at patuloy na pakikitunggali sa kabila ng pag-alis sa kanilang personal at panlipunang mobilidad.

Bilang dagdag at pagpapatuloy ng isinagawang pananaliksik sa panulaan sa piitan, makatutulong sa pag-aaral bilang isa sa mga pangunahing mungkahi na suriin din ang kani-kanilang pag-igpaw sa loob ng bilangguan sa antas ng kasiningan at malikhaing anyo. Paano ipinamalas ng mga nabanggit na makata ang kani-kanilang kahusayan sa panulat bilang mga manggagawang pangkultura at makata sa loob ng bilangguan? Ano ang mga katibayan o patunay,

na bagaman hindi hinihiling ng mananaliksik, ay “nakatulong” sa danas nila bilang mga makabayang manunulat sa pagpapatalim ng kanilang panulat at paninindigan kahit pa nababakuran ng matataas at matitinik na pader ng bilangguan?

Mga Tekstong Binanggit

- ABS-CBN News. “Freed ‘Tagaytay 5’ Seek Justice over ‘Unlawful Detention and Torture,’” 29 Aug. 2008, <https://www.news.abs-cbn.com/>.
- Acosta, Ericson. *Mula Tarima Hanggang at Iba pang mga Tula At Awit*. University of the Philippines Press, 2015.
- . “Some Notes on People’s Culture and International Day of Solidarity with Political Prisoners.” *Bulatlat*, 14 Disyembre 2012, <https://www.bulatlat.com/>.
- Agoncillo, Teodoro A. *Ang Pilipinas at Ang Mga Pilipino*. 1st ed., Garotech Publishing, 1980.
- Almario, Virgilio S. *Rizal: Makata*. Anvil Publishing House, Inc., 2011.
- Armingol, Kevin P. “Si Balagtas at ang Pagsasakatuparan ng ‘Bayang Natimaua’ ng Rebolusyong 1896.” *DLSU Malay Journal*, tomo 31, blg. 2, 2019, mp. 60–70.
- . “Mula Tarima Tungong Paglaya: Ang Pakikisangkot ng Sining at Sining ng Pakikisangkot ni Ericson Acosta (From Prison Bunk Bed to Freedom: The Commitment of Art and the Art of Commitment by Ericson Acosta).” *PSLLF Kawing Journal*, Tomo 1, 2018, mp. 18–42.
- Coalition Against the Marcos Dictatorship–Philippines Solidarity Network and the Institute for Filipino Resource and Information. *Fire Tree: Prison Poems from the Philippines*. Oakland, CA, 1985.
- Constantino, Renato. *Neocolonial Identity and Counter-Consciousness: Essays on Cultural Decolonisation*. London Merlin Press, 1978.
- Dimacali, Timothy James. “UP Student Freed.” *Philippine Collegian*, vol. 78, 2nd Issue, 20 June 2000, pp. 1–2.
- Geronimo, Jonathan V. *Pagpiglas sa Bartolina: Naratibo, Espasyo at Bayan sa Panitik ng mga Bilanggong Pulitikal na Manunulat*. 2019. De La Salle University, di-nalathalang disertasyon.
- Guillermo, Ramon. *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw*. University of the Philippines Press, 2009.
- Hernandez, Amado V. *Isang Dipang Langit: Katipunan ng mga Tula*. Ken Incorporated, 1961.
- Kerkvliet, Merlina Tria. *Manila Worker’s Union 1900–1950*. New Day Publishers, 1992.
- Lumbera, Bienvenido. *Revaluation: Essays on Philippine Literature, Cinema & Popular Culture*. University of Santo Tomas Publishing House, 1997.
- . “Edukasyong Panitikan ng mga Pilipino.” *Amado V. Hernandez Resource Center*, 29 Sept. 2020.
- Ordoñez, Elmer. *Emergent Literature: Essays on Philippine Writing*. University of the Philippines, 2006.
- Pinpin, Axel. “Ang Pagsulat ng mga Akdang-Pampanitikan Bilang Aktibista at Detenidong Pulitikal (At Kung Paano Susukatin ang Acceptability ng Akda sa Kanyang Audience).” Philippine International PEN 51st Annual Conference of Philippine Center of PEN International, 6 Disyembre 2008, Cultural Center of the Philippines, Manila.
- . *Tugmaang Matatabil: Mga Akdang Isinulat sa Libingan ng mga Buhay*. Southern Voices Printing Press, 2008.
- Remollino, Alexander Martin. “Surveillance on Jun Cruz Reyes: ‘Attacks on Writers Are Attacks on the People,’” *Bulatlat*, 23 Setyembre 2021, <https://www.bulatlat.com/>.
- Reyes, Jun Cruz. *Ka Amado*. University of the Philippines Press, 2012.
- Rodrigo, Francisco Soc. *Mga Tula at Tilamsik ng Diwa*. F.S. Rodrigo, 1985.
- Rodriguez, Rommel B. “Artistikong Produksyon ng mga Bilanggong Pulitikal Sa Pilipinas (2015–2018): Mga Piling Kaso at Tala.” *Humanities Diliman*, tomo 17, blg. 1, 2020, mp. 1–31.
- . “Tanikala at Talinhaga: Ang Manunulat na Bilanggong Pulitikal (Chain and Metaphor: The Writer-Political Prisoner).” *Humanities Diliman*, tomo 12, blg. 1, 2015, mp. 17–48.
- Sison, Jose Ma. [Amado Guerrero]. *Prison & Beyond Selected Poems 1958–1983*. Aklat ng Bayan Publishing House, Inc., 1984.
- Tariman, Keriman Lorena. *Pag-aaral sa Oras*. High Chair, 2017.
- . “Manggagawang Pangkultura.” *Bulatlat*, 16 Nob. 2015, <https://www.bulatlat.com/>.
- . “Who is Ericson Acosta?” *Tatak Kule*, 11 Oktubre 2011, <https://www.issuu.com/philippinecollegian/>.
- Tolentino, Rolando. *Pag-aklas, Pagbaklas, Pagbagtas: Pulitikal na Kritisismong Pampanitikan*. University of the Philippines Press, 2009.
- Tolentino, Rolando at Frank Cimat, mga ed. *Mundo Marcos: Mga Panulat sa Batas Militar at ang Marcos Babies*. Anvil Publishing, Inc., 2010.
- Veneracion, Jaime B. “Ang Kilusang Masa sa Kasaysayang Pilipino (1900–1992).” *Philippine Social Sciences Review*, Special Issue, 1994, p. 244.